

Para sa napapanahong impormasyon tungkol sa mga kasanayan sa pagproseso ng data ng Microsoft, pakisuri ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft](#). Malalaman mo rin dito ang tungkol sa mga pinakabagong tool na ibinibigay namin para i-access at kontrolin ang iyong data at kung paano makikipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang tanong tungkol sa pagiging pribado.

Pahayag ng Pagiging Pribado ng Windows Phone 7

Huling na-update: **Abril 2016**

MAHALAGANG PAUNAWA

Ang paunawang ito ay naglalarawan ng hindi inaasahang pagkilos sa software ng Windows Phone 7 hinggil sa mga serbisyo ng lokasyon, nagpapaliwanag kung paano tinanggal ng Microsoft ang pagkilos na iyon, at pinaaalahanan kayo na maaari ninyong hadlangan ang access sa impormasyon ng lokasyon kung pipiliin ninyong gawin ito.

Ayon sa inilalarawan ng seksyon ng Location Positioning ng Pahayag ng Pagiging Pribado na ito, ang impormasyon ng lokasyon na iniimbak at ginagamit ng database ng location positioning ng Windows Phone ay limitadong impormasyon tungkol sa mga kalapit na Wi-Fi access point at cell tower na ginagamit namin para tumulong na magbigay sa inyo ng mga serbisyo ng lokasyon nang mas mahusay at mas mabisa. Wala itong kasamang anumang impormasyon na nakapagpapakilala sa inyo o katangi-tanging nakapagpapakilala sa inyong device at hindi nito pinapayagan ang Microsoft na subaybayan kayo o ang inyong device.

Noong 2011, may natukoy kaming hindi inaasahang pagkilos ng Windows Phone 7 software na nagreresulta sa regular na pagpapadala sa Microsoft ng impormasyon tungkol sa mga kalapit na Wi-Fi access point at cell tower kapag ginagamit ang Camera application, at, para sa mga teleponong nakakompigura para sa US-English, kapag ginagamit ang mga tampok ng voice command ng telepono (gaya ng "Find Pizza"). Para sa Camera, ang software bug ay nagreresulta sa pagkilos kahit na hindi ninyo pinagana ang pag-geotag ng mga larawan sa Camera application.

Ang Windows Phone 7.5 update, na ginawang available simula noong Setyembre 2011, ay nagtanggap sa hindi inaasahang pagkilos na ito ng Camera application at tampok ng voice command. Matapos i-install ang update, ipapadala lang ang impormasyon tungkol sa mga kalapit na Wi-Fi access point at cell tower kapag ginagamit ang Camera application kung sumang-ayon kayong mag-tag ng lokasyon sa inyong mga larawan. Para sa mga voice command, hindi na hihingi ng impormasyon ng lokasyon at hindi ipapadala sa Microsoft ang impormasyon tungkol sa mga kalapit na Wi-Fi access point at cell tower kapag gumagamit ng mga voice command.

Gayunpaman, natukoy rin namin na ang Windows Phone 7.5 update ay naglaman ng hindi inaasahang pagkilos kapag ginagamit ang tampok na "Ako" sa Hub ng Mga Tao. Sa bawat pagkakataong ina-access ninyo ang tampok na "Ako", ipapadala sa serbisyo ng lokasyon ng Windows Phone ang impormasyon tungkol sa mga kalapit na Wi-Fi access point at cell tower. Ang impormasyon ay ipinapadala, tinatanggap at iniimbak ng serbisyo ng lokasyon ng Windows Phone kapag ginagamit ninyo ang tampok na "Ako" ay hindi nakapagpapakilala sa inyo o sa inyong indibidwal na device. Gayunpaman, hindi inaasahan ang pagkilos na ito at tinanggal namin ito bilang bahagi ng mga update sa Windows Phone 7.5 na ginawang available sa mga carrier at OEM simula noong unang bahagi ng 2012. Kapag na-install na ang update, ipapadala lang ang impormasyon tungkol sa mga kalapit na Wi-Fi access point at cell tower kung sumang-ayon kayong payagan ang function na "Mag-check In" ng tampok na "Ako" para i-access at gamitin ang impormasyon ng lokasyon.

Tulad ng nabanggit, ginawang available ang mga na-update na bersyon ng OS sa lahat ng carrier at OEM. Hinihimok namin kayo na tiyaking na-install ninyo ang pinakabagong bersyon ng Windows Phone 7 software na ginagawang available ng iyong carrier. Pinaalalahanan namin kayo na maaari ninyong hindi paganahin ang lahat ng access sa impormasyon ng lokasyon ng mga application at pangongolekta ng impormasyon ng lokasyon ng serbisyo ng lokasyon ng Windows Phone anumang oras sa pamamagitan ng pagpunta sa **Mga Setting > Lokasyon** at pag-toggle sa switch ng lokasyon sa **NAKA-OFF**.

Naninindigan ang Microsoft sa pagprotekta sa inyong pagiging pribado, habang naghahatid ng software na nagbibigay sa inyo sa performance, power, at ginhawang gusto ninyo sa inyong mobile device at mga serbisyo. Inilalarawan ng pahayag ng pagiging pribado na ito ang mga kasanayan sa pangongolekta at paggamit ng data ng software at mga serbisyo ng Windows® Phone 7 ("Windows Phone"). Pinagtutuunan nito ang mga tampok na nakikipag-ugnayan sa Internet. Hindi ito naaangkop sa iba pang online o offline na site, produkto, o serbisyo ng Microsoft.

Ang Windows Phone ay naghahatid ng iba't ibang karanasan sa komunikasyon, libangan, marketplace, at productivity, kasama ang Xbox LIVE® Bing™ for Mobile, Windows Live® Zune® at Microsoft® Office Mobile. Para matulungan kayong makuha ang impormasyon na pinakamahalaga para sa inyo, ididirekta kayo ng mga sumusunod na link sa impormasyon tungkol sa isang partikular na paksa o tampok ng device.

Hindi available ang lahat ng tampok sa lahat ng device (halimbawa, hindi available ang ilang tampok sa mga teleponong may limitadong memory, o sa mga mas lumang bersyon ng Windows Phone operating system) o sa lahat ng rehiyon. Ang mga mas bagong Windows Phone operating system phone (halimbawa, Windows Phone 8) ay saklaw ng isang hiwalay na pahayag ng pagiging pribado. I-click ang [dito](#) para suriin ang pahayag ng pagiging pribado na iyon.

[Pangongolekta at Paggamit ng Iyong Impormasyon](#)

[Pangongolekta at Paggamit ng Pangunahing Impormasyon tungkol sa Inyong Device](#)

[Pangongolekta at Paggamit ng Impormasyon ng Location Positioning](#)

[Pagpapakita ng Advertising](#)

[Paano Kami Nakikipag-ugnayan sa Iyo](#)

[Impormasyong Ibinabahagi Namin sa Iba](#)

[Pag-imbak at Paglipat ng Impormasyon](#)

[Seguridad ng Iyong Impormasyon](#)

[Mga Pagbabago sa Pahayag ng Pagiging Pribado na ito](#)

[Para sa Higit Pang Impormasyon/Mga Kahilingan sa Access](#)

[Mga Partikular na Tampok](#)

[Email at Mga Account](#)

[Hanapin ang Telepono Ko](#)

[Internet Explorer Mobile](#)

[Pagkilala ng Pag-touch sa Keyboard](#)

[Mga Pag-check-in sa Lokasyon](#)

[Mapa](#)

[Marketplace](#)

[Office Mobile](#)

[Mga Tao](#)

[Phone Feedback Program](#)

[Update sa Telepono](#)

[Mga Larawan at Camera](#)

[Paghahanap](#)

[Pagsasalita](#)

[Windows Live ID](#)

[Xbox LIVE/Mga Laro](#)

[Zune Music at Video](#)

Pangongolekta at Paggamit ng Iyong Impormasyon

Bilang bahagi ng inyong paggamit sa Windows Phone at mga nauugnay na serbisyo, mangongolekta kami ng ilang impormasyon mula sa inyo upang mapagana ang mga tampok na ginagamit ninyo at maibigay ang (mga) serbisyo o isagawa ang (mga) transaksyong hiniling o pinahintulutan ninyo. Maaari ding suriin ang impormasyong natatanggap namin upang ma-develop at mapahusay ang mga produkto at serbisyo ng Microsoft maliban kung mas limitadong mga layunin ang tinukoy sa Pahayag ng Pagiging Pribado na ito. Ang ilang partikular na impormasyong kinokolekta namin sa inyo ay ginagamit para sa pagpapakita ng nilalaman at advertising na naka-customize ayon sa inyong mga ineteres at kagustuhan. Para sa mga detalye tungkol sa paggamit ng impormasyon para sa advertising, tingnan ang seksyong Pagpapakita ng Advertising sa ibaba.

Para sa mga web-based na karanasan sa device, maaari kaming mangolekta ng impormasyon tungkol sa inyong pagbisita sa aming mga site. Halimbawa, maaari kaming gumamit ng mga tool ng web analytics para makakuha ng impormasyon tungkol sa mga pahina at nilalamang tinitingnan ninyo sa loob ng aming mga site at mga pagkilos na ginagawa ninyo sa aming site, gaya ng mga paghahanap ng nilalaman o mga application, pagbili ng mga application o nilalaman o pagsi-stream ng nilalaman.

Para makapag-alok sa inyo ng mas pare-pareho at naka-personalize na karanasan sa inyong mga pakikipag-ugnayan sa Microsoft, ang impormasyong nakokolekta sa pamamagitan ng isang serbisyo ng Microsoft ay maaaring ipagsama sa impormasyong nakukuha sa pamamagitan ng iba pang mga serbisyo ng Microsoft. Maaari din naming idagdag ang impormasyong kinokolekta namin sa impormasyong nakukuha sa iba pang mga kumpanya. Halimbawa, maaari naming gamitin ang mga serbisyo mula sa iba pang mga kumpanya na nagbibigay-daan sa amin na kumuha ng pangkalahatang heograpikong lugar batay sa iyong IP address upang i-customize ang ilang partikular na serbisyo sa inyong heograpikong lugar.

Para alamin pa ang tungkol sa kung paano kinokolekta at ginagamit ng mga partikular na application o tampok ang iyong impormasyon, tingnan ang [Mga Partikular na Tampok](#) sa ibaba o gamitin ang mga link sa itaas ng pahayag ng pagiging pribado para makuha ang impormasyong gusto ninyo tungkol sa isang partikular na application o tampok.

Pangongolekta at Paggamit ng Pangunahing Impormasyon tungkol sa Inyong Device

Kapag gumagamit kayo ng software na may mga tampok na gumagamit ng Internet, ang impormasyon tungkol sa inyong device ("pangunahing impormasyon ng device") ay ipinapadala sa mga website na binibisita ninyo at mga online na serbisyong ginagamit ninyo. Gumagamit ang Microsoft ng pangunahing impormasyon ng device para magbigay sa inyo ng mga serbisyong gumagamit ng Internet, para makatulong na pagandahin ang aming mga produkto at serbisyo, para

tumulong na panatilihin ang inyong software, para i-certify ang inyong device, at para sa pagsusuri ng istatistika.

Karaniwan ay kasama sa pangunahing impormasyon ng device ang impormasyon gaya ng inyong IP address, bersyon ng operating system, bersyon ng browser, mga setting ng rehiyon at wika, at isang natatanging ID na binubuo namin para sa inyong device. Sa ilang pagkakataon, ang pangunahing impormasyon ng device ay maaaring magsama ng hardware ID, ng unang anim na digit ng inyong International Mobile Subscriber Identity (IMSI) o iba pang mga device identifier na nagsasaad sa device manufacturer, pangalan ng device, bersyon, at mobile operator. Kung ang isang partikular na feature o serbisyo ay nagpadala ng impormasyon sa Microsoft, ipapadala rin ang pangunahing impormasyon ng device.

Pangongolekta at Paggamit ng Impormasyon ng Location Positioning

Sa mga Windows Phone, ang ibig sabihin ng "mga serbisyo ng lokasyon" ay device software at mga online na serbisyo na gumagamit sa lokasyon ng inyong device para makapagbigay ng mga pinahusay na tampok at karanasan. Ang "location positioning database" ng Microsoft ay tumutukoy sa data na ginagamit namin para tukuyin ang tinatantiyang lokasyon ng inyong device at ibigay ito sa mga humihiling na application at website. Ang impormasyong iniimbak at ginagamit ng location positioning database ng Microsoft ay limitadong impormasyon tungkol sa mga kalapit na Wi-Fi access point at cell tower na ginagamit namin para tumulong na magbigay ng mga serbisyo ng lokasyon nang mas mahusay at mas mabisa. Wala itong kasamang impormasyon na nakapagpapakilala sa inyo o katangi-tanging nakapagpapakilala sa inyong device, at hindi nito pinapayagan ang Microsoft na subaybayan kayo o ang inyong device.

Gayunpaman, mangyaring tandaan na ang mga serbisyo ng lokasyon na ibinibigay ng mga indibidwal na application, website, o tampok (kasama ang mga inaalok ng Microsoft) na pipiliin ninyong gamitin, ay maaaring magpanatili ng impormasyon ng lokasyon na nauugnay sa inyong account o device. Pakisuri ang mga patakaran sa pagiging pribado ng mga website, application, at tampok na pinapayagan ninyong mag-access sa lokasyon ng inyong device para matuto tungkol sa kung paano ginagamit ng mga ito ang impormasyon ng lokasyon na hinihiling ng mga ito.

Location Positioning Database

Kung papayagan ninyo ang isang application, tampok, o website na i-access ang lokasyon ng inyong device, sa tuwing hihiling ito ng lokasyon, maaaring kunin ng location positioning database ng Microsoft ang impormasyon tungkol sa mga kalapit na cell tower, Wi-Fi access point, at available na impormasyon ng Global Positioning System (GPS), at gamitin para makatulong sa pagtukoy sa

tinatayang lokasyon ng inyong device at para sa pag-update at pagpapahusay sa database para sa mga kahilingan sa hinaharap.

Halimbawa, kung pinagana mo ang Wi-Fi sa iyong device, at pinayagan mo ang isang application o website na i-access ang lokasyon ng inyong device, ang mga address ng Media Access Control (MAC) at lakas ng signal ng mga access point ng Wi-Fi na magagamit ng inyong device ay kokolektahin ng location positioning database ng Microsoft. Gayundin, kung nakakonekta kayo sa isang cellular network, kokolektahin ang mga identifier ng mga cell tower na available sa inyong device. Kung available ang GPS, maaaring kolektahin ang latitude, longitude, bilis, at direksyon ng device na ibinibigay ng GPS.

Ang impormasyong ito ay ginagamit ng location positioning database ng Microsoft para kalkulahin ang tinatantiyang lokasyon ng inyong device, na ipinapadala sa application o website na humihiling ng lokasyon. Maaaring kasama sa impormasyon ng lokasyon na ibinibigay sa mga website at application ang latitude, longitude, bilis, direksyon, at altitude ng inyong device sa oras noong hiniling ito. Hindi kasama rito ang matutukoy na impormasyon tungkol sa magagamit na mga cell tower o access point ng Wi-Fi, gaya ng mga MAC address, o identifier ng cell tower.

Maaari kaming gumamit ng mga third-party na location positioning database, gaya ng database ng Nokia, para magbigay ng pinahusay na location positioning sa inyong device. Halimbawa, kapag humiling ng lokasyon ang isang application sa inyong device, maaari din kaming mag-query sa database ng location positioning ng isang kasosyo para bigyang-daan ang inyong device na mas tumpak na matukoy ang lokasyon nito. Gaya ng sa database ng location positioning ng Microsoft, ang database ng kasosyo ay nakakatanggap ng impormasyon tungkol sa mga kalapit na cell tower at access point ng Wi-Fi at data ng GPS, pero hindi ito tatanggap ng impormasyong makakapagtukoy sa inyo o makakapagtukoy sa inyong device sa natatanging paraan.

Kung mayroon kayong Wi-Fi access point o router at ayaw ninyo itong isama sa location positioning database ng Microsoft o, maaari ninyong isumite ang MAC address sa block list ng Microsoft sa go.microsoft.com/fwlink/?LinkID=223681 at hindi kami magsasama ng anumang data na nauugnay sa address na iyon sa aming database.

Para sa higit pang impormasyon sa Windows Phone at pagiging pribado ng lokasyon, tingnan ang [Lokasyon at Aking Pagiging Pribado](#).

Master Switch ng Lokasyon at Access sa Lokasyon ng Partikular na Application

Bago makolekta ng Microsoft ang impormasyon ng Wi-Fi access point at cell tower na nilalarawan sa itaas, at bago ma-access ng isang website o application ang lokasyon ng inyong device, dapat kayong sumang-ayon na payagan ang access.

Una, ang master switch ng mga serbisyo ng lokasyon ng inyong device ay dapat na manatiling **Naka-on**. Kung ang master switch ng mga serbisyo ng lokasyon ay nakatakda sa **Naka-off**, Hindi mangongolekta ang Microsoft ng impormasyon tungkol sa mga kalapit na Wi-Fi access point at cell tower, at hindi magagamit ng mga application at website ang lokasyon ng device kahit na sumang-ayon kayong payagan ang ganoong paggamit sa partikular na application o website. Para hindi paganahin ang access sa lokasyon ng inyong device ng lahat ng application at website anumang oras, pumunta sa **Mga Setting > Lokasyon** at i-toggle ang switch ng "mga serbisyo ng lokasyon" patungo sa **Naka-off**. Kung ita-toggle mo ang master switch ng lokasyon patungo sa **Naka-on**, ipapanumbalik ang iyong mga application-level na setting ng lokasyon (tingnan sa ibaba).

Ikalawa, dapat ka ring sumang-ayon na bigyan ng access ang isang partikular na application sa lokasyon ng iyong device. Kung nagbigay ka ng ganoong access dati, maaari kang magbigay o hindi magbigay ng access sa lokasyon ng iyong device sa mga setting ng application sa ibang pagkakataon. Halimbawa, para hindi paganahin ang access ng application na mapa sa lokasyon ng iyong device, maaari kang pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Mapa** at i-toggle ang switch ng "gamitin ang aking lokasyon" patungo sa **Naka-off**.

Pagpapakita ng Advertising

Ang ilang website na binibisita mo, at ang ilang application na na-download mo mula sa Store, ay maaaring magpakita ng mga advertisement gamit ang advertising platform ng Microsoft—kasama ang mga naka-personalize na ad na sa tingin namin ay magugustuhan mo. Maaari ding gumamit ang Microsoft Advertising ng mga third-party na ad company para magpakita ng mga advertisement sa mga application na gumagamit ng aming ad platform. Kapag ginawa namin ito, maaari kaming magpadala ng natatanging ID sa mga third party na iyon na may kahilingan ng ad.

Maaari kang mag-opt out sa pagtanggap ng mga naka-personalize na ad mula sa Microsoft Advertising, at maaari mong itigil ang pagpapadala ng natatanging ID sa mga third-party na ad network na ginagamit ng Microsoft Advertising, sa pamamagitan ng pagbisita sa [pahina para sa pag-opt out](#). Mag-sign in lang sa account sa Microsoft na inugnay mo sa iyong Windows Phone at na ginagamit mo sa pag-access sa Store, at piliin ang **Mga naka-personalize na ad kahit saan ko gamitin ang aking account sa Microsoft** opsyon sa pag-opt out. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano kinokolekta at ginagamit ng Microsoft Advertising ang impormasyon, pakitingnan ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft Advertising](#).

Maaari ding gumamit ang mga website na binibisita mo, at ang mga application na na-download mo mula sa Store, ng mga advertising platform maliban sa Microsoft Advertising platform. Sa mga pagkakataong iyon, walang kontrol ang Microsoft sa mga aktibidad ng iba pang ad network.

Inirerekomenda ng Microsoft na suriin mo ang mga patakaran at kasanayan sa pagiging pribado ng mga application na nagpapakita ng advertising para matuto pa tungkol sa impormasyong ipinapasa nila sa mga ad network, kasama ang mga ad network maliban sa advertising platform ng Microsoft, at anumang karagdagang kontrol sa application kaugnay ng pagpapakita ng advertising.

Paano Kami Nakikipag-ugnayan sa Iyo

Maaari kaming magpadala ng ilang partikular na mensahe ng serbisyo gaya ng mga liham ng pagbati, paalala sa pagsingil, impormasyon sa mga isyu sa teknikal na serbisyo, at mga anunsyong panseguridad patungo sa email address na ibinigay mo para sa mga pag-reset ng password kapag ginagawa ang iyong Windows Live ID. Depende sa iyong rehiyon, maaari ka ring makatanggap ng mga regular na mensahe tungkol sa mga produkto, serbisyo, kaganapan at survey ng Windows Phone. Maaari mong sundin ang mga tagubilin sa mga mensaheng natatanggap mo para mag-unsubscribe sa mga mensahe sa hinaharap na hindi pangserbisyo.

Impormasyong Ibinabahagi Namin sa Iba

Maliban kung inilalarawan sa pahayag ng pagiging pribado na ito, ang iyong personal na impormasyon ay hindi iliilpat sa mga third party nang wala ang iyong pahintulot. Paminsan-minsaya ay kumukuha kami ng ibang mga kumpanya para magbigay ng mga limitadong serbisyo sa aming ngalan, gaya ng packaging, pagpapadala at paghahatid ng mga nabili at iba pang mga pagpapadala sa koreo, pag-host ng mga website, pagbibigay ng serbisyo sa customer, pagpoproseso ng pagrehistro sa kaganapan, o pagsasagawa ng pagsusuri ng istatistika ng aming mga serbisyo. Ibinibigay lang namin sa mga kumpanyang iyon ang personal na impormasyong kailangan nila para maibigay ang serbisyo, at pinagbabawalan silang gamitin ang impormasyong iyon para sa ibang layunin.

Maaaring i-access o ibunyag ng Microsoft ang impormasyon tungkol sa iyo, kasama ang nilalaman ng mga pakikipag-ugnayan mo, upang: (a) sumunod sa batas o tumugon sa mga kahilingang naaayon sa batas o legal na proseso; (b) protektahan ang mga karapatan o ari-arian ng Microsoft o ng aming mga customer, kasama ang pagpapatupad ng ating mga kasunduan o ng mga patakarang sumasaklaw sa paggamit mo sa mga serbisyo; o (c) kumilos ayon sa mabuting paniniwala na ang naturang pag-access o pagbubunyag ay kinakailangan para protektahan ang personal na kaligtasan ng mga empleyado at customer ng Microsoft, o ng publiko. Maaari din kaming magbunyag ng personal na impormasyon bilang bahagi ng isang pangnegosyong transaksyon gaya ng pagsasama o pagbebenta ng mga asset.

Pag-imbak at Paglipat ng Impormasyon

Maaaring iproseso at iimbak ang impormasyong nakolekta ng, o ipinadala sa, Microsoft sa pamamagitan ng Windows Phone sa Estados Unidos o sa anumang bansa kung saan nagpapanatili ng mga pasilidad ang Microsoft o ang mga affiliate, subsidiary, o service provider nito. Sumusunod ang Microsoft sa safe harbor framework na iniaatas ng U.S. Department of Commerce hinggil sa pangongolekta, paggamit, at pagpapanatili ng data mula sa European Union, sa European Economic Area, at Switzerland.

Seguridad ng Iyong Impormasyon

Naninindigan ang Microsoft sa pagtulong sa pagprotekta sa seguridad ng iyong impormasyon. Gumagamit kami ng iba't ibang teknolohiya at pamamaraan sa seguridad para makatulong sa pagprotekta laban sa hindi awtorisadong pag-access, paggamit, o pagbubunyag. Halimbawa, iiimbak namin ang impormasyong ibinigay mo sa mga computer system na may limitadong access, na matatagpuan sa mga kontroladong pasilidad.

Inirerekomenda naming gumawa ka rin ng mga hakbang para tumulong na protektahan ang impormasyon sa iyong device sa pamamagitan ng tampok na PIN lock. Pinapayagan ka ng PIN lock na humiling ng passcode para i-access ang iyong device kapag naka-lock. Para alamin pa ang tungkol sa PIN lock at para paganahin ang PIN lock sa iyong device, pumunta sa **Mga Setting > Lock+ wallpaper**.

Mga Pagbabago sa Pahayag ng Pagiging Pribado na ito

Pana-panahon naming ia-update ang pahayag ng pagiging pribado na ito para ilapat ang mga pagbabago sa aming mga produkto at serbisyo, at para linawin ang aming mga kasanayan batay sa karanasan at feedback ng customer. Kapag gumawa kami ng mga pagbabago, babaguhin namin ang petsa kung kailan "huling na-update" sa itaas ng pahayag na ito. Kung may malalaking pagbabago sa pahayag na ito o sa kung paano gagamitin ng Microsoft ang iyong personal na impormasyon, aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng pagpo-post ng madaling makitang abiso ng mga naturang pagbabago bago ipatupad ang pagbabago o sa pamamagitan ng direktang pagpapadala sa iyong notification. Hinihikayat ka namin na pana-panahong basahin ang pahayag ng pagiging pribado na ito para malaman mo kung paano kinukuha, ginagamit, at pinoprotektahan ng Microsoft ang iyong impormasyon.

Para sa Higit Pang Impormasyon/Mga Kahilingan sa Access

Ikinasisiya ng Microsoft ang iyong mga komento kaugnay ng pahayag ng pagiging pribado na ito. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pahayag na ito, magtiwala na hindi kami umaayon dito, o hindi namin gustong humiling ng access sa personal na impormasyong nakolekta namin, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang aming [web form](#) o gamitin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na ibinigay sa ibaba.

Pagiging Pribado sa Microsoft
Microsoft Corporation
One Microsoft Way
Redmond, Washington 98052 USA

Mga Partikular na Tampok:

Email at Mga Account

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Kapag nag-set up ka ng email account sa device, ipapadala ng device ang domain na bahagi ng iyong email account sa mail provider na iyon para payagan ang provider na ibigay ang mga naaangkop na setting ng account. Ang domain na bahagi lang ng iyong e-mail address ang ipapadala (gaya ng hotmail.com), hindi ang iyong buong email address.

Para padaliin itong ma-access at panatiliing napapanahon ang email at iba pang naka-synchronize na nilalaman (gaya ng mga item sa kalendaryo, contact, larawan, at feed) sa iyong device, awtomatiko naming ise-save ang iyong mga kredensyal sa pag-sign in at/o mga sign-in token sa device.

Kapag nagdagdag ka ng email account o social networking account sa iyong device (gaya ng Facebook), awtomatikong kukunin ng iyong device ang mga available na mensahe, contact, larawan at feed para tumulong na panatiliing napapanahon ang impormasyon sa iyong device mula sa mga account na ito.

Ang Iyong Mga Opsyon

Maaari mong baguhin ang mga setting para sa karamihan ng mga uri ng account para i-update ang iyong nilalaman nang hindi na ganoon kadalas, o kapag gusto mo lang.

Para baguhin ang mga setting para sa dalas ng iyong pag-update o para sa nilalaman na sini-synchronize mo:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Email + mga account**.
2. I-tap ang account na gusto mong baguhin.
3. Sa listahan ng **Mag-download ng bagong nilalaman**, piliin kung gaano kadalas mo gustong makatanggap ng na-update na nilalaman. Kung gusto mo lang tanggapin ang mga iyon kapag hiniling mo ang mga iyon, i-tap ang **Manu-mano**.
4. Sa listahan ng **Nilalamang isi-sync**, i-clear ang mga checkbox ng nilalaman na hindi mo gustong i-sync.

Ang nilalaman mula sa mga account sa Facebook ay palaging awtomatikong naa-update. Kung ayaw mong makatanggap ng mga update sa Facebook, kailangan mong tanggalin ang iyong Facebook account mula sa iyong device.

Para magtanggag ng Facebook account:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Email + mga account**.
2. I-tap nang matagal ang **Facebook**.
3. I-tap ang **Tanggalin**.

Hanapin ang Telepono Ko

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Binibigyang-daan ka ng feature na Hanapin ang Telepono Ko na imapa, ipa-ring, i-lock, o burahin ang memory ng iyong device mula sa www.windowsphone.com/my. Gagamitin namin ang numero ng telepono na ibinibigay mo para i-ring o magpadala ng SMS sa nawawala mong device kapag hiniling mo. Gagamitin namin ang email address ng contact na ibinibigay para sa iyong Windows Live ID para magbigay sa iyo ng mga tagubilin para i-unlock ang iyong device, kung hiniling mo dati na i-lock ito. Regular kaming mangongolekta ng partikular na impormasyon ng diagnostics tungkol sa iyong device, gaya ng level ng iyong baterya, mga kakayahan ng device (gaya ng kung available ang SMS or GPS location positioning) at kung pinapagana sa device ang PIN lock o SIM card lock, para ibigay ang mga tampok na nagbibigay-daan sa iyong remotely na i-lock at/o burahin ang device.

May dalawang paraan para matukoy namin ang lokasyon ng iyong device para sa feature

na Hanapin ang Telepono Ko:

1. Kung pinagana mo ang tampok na "i-save ang aking lokasyon bawat ilang oras para sa mas magaling na mapping" mula sa mga setting ng Hanapin Ang Telepono Ko sa iyong device, ang lokasyon ng iyong device ay regular na ipapadala sa iyong online account sa www.windowsphone.com/my. Nakakatulong ito kung sakaling naka-off ang nawawalang device o na-discharge nang ganap ang baterya. Ang iniimbak lang ng feature na Hanapin ang Telepono Ko ay ang huling naitalang lokasyon ng iyong device. Sa tuwing may ipapadalang bagong lokasyon, papalitan nito ang sinundang nakaimbak na lokasyon.
2. Maaari mo ring subukang hanapin ang kasalukuyang lokasyon ng iyong device mula sa iyong online account sa www.windowsphone.com/my. Tandaan na kapag gumawa ka ng kahilingan mula sa iyong online na account, susubukan nitong kunin ang lokasyon ng iyong device pinapagana man o hindi ang master switch ng mga serbisyo ng lokasyon sa iyong device.

Ang Iyong Mga Opsyon

Ang tampok na "i-save ang aking lokasyon bawat ilang oras para sa mas magaling na mapping" ay **Naka-off** bilang default. Para paganahi ang tampok:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Hanapin ang telepono ko**.
2. Lagyan ng check ang **I-save ang aking lokasyon bawat ilang oras para sa mas magaling na mapping**.

Para ganap na hindi paganahin ang feature na Hanapin ang Aking Telepono, na pipigil sa feature na gumana kapag nagsagawa ka ng partikular na hiling online, mag-log in sa iyong online na account sa www.windowsphone.com/my at:

1. Mag-click sa **Account**.
2. Mag-click sa **Tanggalin** ang teleponong ito.

Internet Explorer Mobile

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Mga awtomatikong mungkahi:

Para matulungan ka sa mas mabilis na paghahanap ng nilalaman na gusto mo, awtomatikong nagmumungkahi ang Internet Explorer ng mga website habang nagta-type ka. Ang mga awtomatikong mungkahi ay maaaring magmula sa iyong Kasaysayan o Mga Paborito na nakaimbak

sa iyong device, o mula sa serbisyo ng Bing. Para kumuha ng mga mungkahi mula sa serbisyo ng Bing, ipapadala kung ano ang tina-type mo sa address bar o search bar sa serbisyo ng Bing habang tina-type mo ito. Para alamin pa ang tungkol sa mga kasanayan sa pangongolekta ng impormasyon ng Bing, pakisuri ang Online na Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft at Supplement ng Pagiging Pribado sa Bing na available sa go.microsoft.com/fwlink/?LinkId=81184

Mga Cookie:

Maaaring mag-imbak ng mga cookie sa iyong device. Ang isang cookie ay isang maliit na text file na inilalagay sa iyong hard disk ng isang website. Katangi-tanging nagtatalaga ng mga cookie sa iyong device, at maaari lang itong i-read ng isang website o web server sa domain na nagbigay ng cookie sa iyo. Hindi magagamit ang cookies sa pagpapatakbo ng mga program o paghahatid ng mga virus sa iyong device.

Karaniwang ginagamit ang isang cookie sa pagpe-personalize ng pagbisita mo sa isang website o para matipid mo ang iyong oras. Halimbawa, para mapangasiwaan ang isang pagbili, maaaring maglaman ang cookie ng impormasyon ng shopping cart gaya ng kasalukuyan mong pinili, pati na rin impormasyon sa pakikipag-ugnayan gaya ng iyong pangalan o email address. Para tulungan ang mga website na mag-track ng mga indibidwal na bisita, ang mga cookie ay karaniwang naglalaman ng natatanging identifier. Bahala ang website na gumawa sa cookie na ibunyag sa iyo kung anong impormasyon ang iniimbak sa cookie at kung paano ginagamit ang impormasyong iyon.

Mga Paborito at Kasaysayan sa Pag-browse:

Inimbak ng Internet Explorer® Mobile sa iyong device ang mga website na na-save mo bilang iyong paborito pati na rin mga link na binisita mo kamakailan. Upang mapaganda ang karanasan sa paghahanap sa Bing, maaari mo ring payagan ang Internet Explorer na mangolekta at magpadala sa Microsoft ng data ng iyong kasaysayan sa pag-browse. Pinagsasama-sama ang data ng kasaysayan sa pag-browse sa data ng pagba-browse ng iba pang mga gumagamit para sa pagsusuri, at hindi ito ginagamit para kilalanin ka o iyong mga aktibidad sa pagba-browse.

Lokasyon:

Kung papayagan mo ang mga website na i-access ang iyong lokasyon, sa bawat pagkakataong hihiling ng lokasyon ang website, maaaring kolektahin ng location positioning database ng Microsoft ang impormasyon tungkol sa mga kalapit na cell tower, mga Wi-Fi access point, at available na impormasyon ng Global Positioning System (GPS) sa para tumulong na matukoy ang tinatantiyang lokasyon ng iyong device at ibigay ito sa humihiling na website.

Ang Iyong Mga Opsyon

Mga awtomatikong mungkahi:

Kung hindi mo gusto ng mga awtomatikong mungkahi mula sa serbisyo ng Bing sa Internet Explorer:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Internet Explorer**.
2. I-clear ang **Tumanggap ng mga mungkahi mula sa Bing habang nagta-type ako** na check box.

Mga Cookie:

Mayroon kang kakayahang i-block ang mga cookie. Kung magpapasya kang mag-block ng mga cookie, maaaring hindi gumana nang tama ang mga website na gumagamit sa mga iyon. Halimbawa, kung hindi mo papayagan ang anumang mga cookie, maaaring hindi mo makita ang ilang website o magamit ang mga feature ng pagpapasadya (gaya ng lokal na balita at lagay ng panahon, o mga stock quote). Para mag-block ng mga cookie:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Internet Explorer**.
2. I-clear ang **Payagan ang mga cookie sa aking telepono** na check box.

Mga Paborito at Kasaysayan sa Pag-browse:

Maaari mong i-clear ang mga password sa website na hiniling mo sa Internet Explorer na i-save, ang mga entry sa folder ng kasaysayan ng Internet Explorer, data ng web form, mga pansamantalang file ng Internet, at cookies na na-save sa iyong device. Tinatanggal ng feature na ito ang data na nakaimbak sa iyong device pero hindi nito natatanggal ang anumang kasaysayan sa pag-browse o iba pang data ng paghahanap na naipadala na sa Microsoft.

Para tanggalin ang kasaysayan sa pag-browse sa iyong device:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Internet Explorer**.
2. I-tap ang **Tanggalin ang kasaysayan**.

Tatanungin ka kung gusto mong magpadala ng kasaysayan sa pag-browse sa Microsoft para pagandahin ang kasaysayan ng paghahanap sa Bing sa unang pagkakataon mong papaganahin ang browser. Maaari mong palitan ang setting na ito anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Internet Explorer**.
2. Lagyan ng check o i-clear ang **Payagan ang Internet Explorer na kolektahin ang aking**

kasaysayan sa pag-browse na check box.

Lokasyon:

Itatanong sa iyo kung gusto mong payagan ang isang website na hilingin ang impormasyon ng iyong lokasyon kapag gumawa ito ng kahilingan. Maaari mong ihinto ang lahat ng site sa pag-prompt kaugnay ng pagbibigay mo ng pahintulot para sa iyong lokasyon anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Internet Explorer**.
2. I-off ang **payagan ang access sa aking lokasyon** .

Pagkilala ng Pag-touch sa Keyboard

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Maaari mong tulungan ang Microsoft na pahasayin ang pagta-type sa Windows Phone at iba pang produkto at serbisyo ng Microsoft sa pamamagitan ng pakikilahok sa feature na feedback sa Keyboard Touch Information. Maaari kang makilahok sa pamamagitan ng pagpili sa **Inirerekomenda** kapag sine-set up ang iyong device o, kung pipiliin mo ang mga custom na setting, sa pamamagitan ng pagpapagana sa feedback sa **Mga Setting > Keyboard**.

Kapag nakilahok ka, ang keyboard touch information na ginagamit ng Windows Phone sa pagtukoy sa mga gusto mong i-type na character (na tinatawag na "mga touchpoint") ay ipapadala sa Microsoft kapag ginagamit mo ang software-based o hardware na keyboard sa device, kasama ng anumang pagwawasto sa pagta-type at mga awtomatikong pagkumpleto. Dahil humuhusay ang kakayahan ng keyboard na tukuyin nang wasto ang mga touchpoint sa pamamagitan ng pag-alam sa uri ng mga salitang tina-type ng mga tao sa isang mobile device, ipapadala rin ang nakilalang teksto.

Para makatulong sa pagprotekta sa iyong pagiging pribado, hindi kami kumukuha ng keyboard touch information kapag nagpapakita ang device ng isang login screen o field ng password. Nagsasagawa rin kami ng mga hakbang na idinisenyo para pigilan ang pangongolekta ng mga email address at mga sequence ng numero gaya ng mga numero ng telepono, numero ng credit card, atbp. Ang data na ito ay ipinapadala nang may random na ID na hindi nakapagpapakilala sa iyo o sa iyong device, at pagkatapos ay isinasama sa text mula sa maraming gumagamit at ginagawa itong mga bilang ng character at sequence ng salita para sa pagsusuri.

Ang Iyong Mga Opsyon

Para baguhin ang mga setting ng pag-touch sa keyboard anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Keyboard**
2. I-tap ang **Mga Setting sa Pagta-type** na button
3. Lagyan ng check o i-clear ang **Magpadala ng impormasyon sa pag-touch sa keyboard para pahusayin ang pagta-type at higit pa** na check box.

Mga Pag-check-in sa Lokasyon

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit

Maaari mong gamitin ang iyong Windows Phone para ipaalam sa iyong mga kaibigan kung nasaan ka sa pamamagitan ng pag-post ng mga "check-in" sa Facebook, Windows Live, at iba pang partikular na social media site, bagama't maaaring hindi available ang lahat ng tampok para sa lahat ng site. Kung pipiliin mong gamitin ang tampok na ito, may impormasyong maaaring kolektahin ng location positioning database ng Microsoft at gamitin para tukuyin ang tinatantiyang lokasyon ng iyong device. Para sa higit pang pangkalahatang impormasyon sa aming location positioning database, tingnan ang seksyong [Pangongolekta at Paggamit ng Impormasyon ng Location Positioning](#) ng pahayag na ito.

Ginagamit ng "check-in" ang tinatantiyang lokasyon ng device at ang serbisyo ng Bing para magbigay sa iyo ng mga kalapit na landmark na pipiliin – o maaari kang magpasok ng mga termino para sa paghahanap para magbigay ng mga kalapit na resulta. Ang impormasyong kinokolekta ng serbisyo ng Bing ay nagsasama ng lokasyon, oras at petsa, at iyong mga termino para sa paghahanap. Kapag napili mo na ang lokasyon kung saan magche-check in, ang data na kinakailangan para gawin ang hiniling na post ay ipinapasa sa Facebook o sa naaangkop na social network. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa lugar kung saan ka magche-check-in, kasama ang pangalan nito, lokasyon, address ng kalye, numero ng telepono, at kategorya o uri (halimbawa, isang restaurant, tindahan, o bar).

Maaari mong piliing payagang gamitin ng Microsoft ang mga impormasyon ng mga "check-in" para tumulong na pagandahin ang iyong mga resulta ng paghahanap sa hinaharap. Kung pipiliin mo ang opsyong ito, iiimbak ng Bing ang kasaysayan ng "check-in" kaugnay ng iyong Windows Live ID para tumulong na i-personalize ang iyong mga resulta ng paghahanap. Maaari mong tanggalin ang kasaysayan ng check-in na ito anumang oras

Para matuto pa tungkol sa mga kasanayan sa pagkuha ng impormasyon ng Bing, pakitingnan ang [Paghahanap](#) na seksyon ng pahayag na ito, at pati ang Online na Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft at Supplement ng Pagiging Pribado ng Bing na available sa go.microsoft.com/fwlink/

[LinkId=81184](#).

Ang Iyong Mga Opsyon

Upang magamit ang anuman sa tampok ng check-in, ang master switch ng mga serbisyo ng lokasyon sa iyong device ay dapat na **Naka-on** gaya ng inilalarawan sa aming location positioning database, tingnan ang seksyong [Pangongolekta at Paggamit ng Impormasyon ng Location Positioning](#) ng pahayag na ito.

Para mag-post ng "mga pag-check-in" at gamitin ang lokasyon sa paghahanap ng mga kalapit na lugar para sa mga post:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Mga Tao**.
2. I-toggle ang switch ng **Gamitin ang aking lokasyon** patungo sa Naka-on.

Para payagan ang Microsoft na gamitin ang iyong kasaysayan ng pag-check in para pagandahin ang iyong mga partikular na resultat ng paghahanap.

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Mga Tao**.
2. Lagyan ng check ang **I-save ang kasaysayan ng pag-check in gamit ang aking Windows Live ID para pagandahin ang mga resulta ng paghahanap** na kahon.

Para tanggalin ang iyong kasaysayan ng pag-check in mula sa Bing, pumunta sa scrapbook.bingmobile.com/xx/scrapbook/signin.html, mag-sign in, i-click ang **mga setting**, at pagkatapos ay i-click ang **tanggalin ang aking kasaysayan ng pag-check in at lokasyon**.

Mapa

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Kung papayagan mo ang Mapa na i-access ang iyong lokasyon, ipapadala sa Microsoft ang tinatantiyang lokasyon ng iyong device, at anumang mga kahilingang gagawin mo sa Mapa, para makapagbigay at makapagpaganda ng mga resulta at direksyon ng lokal na paghahanap at mapping. Para alamin pa ang tungkol sa mga kasanayan sa pangongolekta ng impormasyon ng Mapa, na hatid ng serbisyo ng Bing, pakisuri ang Online na Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft at Supplement ng Pagiging Pribado sa Bing na available sa [go.microsoft.com/fwlink/?LinkId=81184](#).

Ang Iyong Mga Opsyon

Para paganahin o hindi paganahin ang access ng feature na Mapa sa lokasyon ng iyong device, na **Naka-off** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Mapa.**
2. I-toggle ang switch ng **Gamitin ang aking lokasyon** sa **Naka-ono Naka-off.**

Para i-clear ang mga nakaraan mong paghahanap sa mapa, mga pin, at impormasyon ng imahe mula sa iyong device:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Mapa.**
2. I-tap ang **Tanggalin ang kasaysayan.**

Marketplace

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Para gumawa ng bagong account sa Zune/Marketplace, maaaring kailanganin mong ibigay ang iyong edad at bansa/rehiyon. Kung mayroon ka nang account sa Pagsingil ng Microsoft, magagawa mong gamitin ang (mga) paraan ng pagbabayad na naidagdag mo na sa pagbili ng nilalaman at mga application mula sa Marketplace. Kinokolekta rin namin ang iyong email address nang sa gayon ay makapagbibigay kami sa iyo ng mga tagubilin para mag-download ng app mula sa Windows Phone Marketplace.

Para sa mga bagong account, awtomatiko kaming gagawa ng palayaw (na tinatawag naming gamertag o Zune tag) na ginagamit para kilalanin ka sa serbisyo ng Xbox LIVE, serbisyo ng Zune, at sa Marketplace kapag nagsusumite ng mga review ng mga application. Maaari mong palitan ang palayaw na awtomatikong binuo sa pamamagitan ng pag-tap sa iyong gamertag sa Hub ng Mga Laro. Ang iyong mga review sa Marketplace ay ipo-post sa ilalim ng iyong gamertag. (Tandaan: Simula sa Agosto 2012, hindi na gagamitin ang iyong gamertag para sa mga review at ipapakita ng mga bagong review ang iyong pangalan mula sa iyong account sa Microsoft.)

Para payagan kang magpadaan ng mga singil para sa mga application sa pamamagitan ng iyong mobile operator (kung naaangkop), maaari kaming mangolekta ng data na nakapagpapakilala sa iyong device, numero ng iyong telepono, at bahagi ng iyong Subscriber Identity Module ("SIM") card identifier (para sa mga device na gumagamit ng mga SIM card). Kinakailangan ang mga ito para kilalanin ang operator na nauugnay sa iyong device, at resolbahin ang mga tanong tungkol sa mga pagpalya sa pagbili, presyo, o iba pang mga isyu. Hindi namin gagamitin ang mga nakuhang numero ng telepono sa paraang ito para sa anumang iba pang layunin, at hindi rin namin ibabahagi ang data sa sinumang partido maliban sa iyong mobile operator.

Pana-panahong ipinapadala ang mga ID ng mga application na na-install mo sa iyong device sa Marketplace para tukuyin kung mayroon bang mga magagamit na update para sa anumang application na na-install mo. Maaari mong piliin kung mag-i-install ng mga update sa iyong mga application. Gayunpaman, ang ilang partikular na update ay maaaring kinakailangan para sa patuloy na paggana ng ilang partikular na application.

Ang Iyong Mga Opsyon

Para mag-edit o magtanggal ng impormasyon ng pagsingil sa iyong account sa Pagsingil ng Microsoft, mag-sign in sa iyong account sa [Pamamahala sa Pagsingil at Account ng Microsoft](#).

Para i-edit ang isang review na na-post mo dati sa Marketplace, mag-sign in sa Marketplace at mag-click o mag-tap sa text ng review.

Office Mobile

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

User Name

Kasama sa bawat file na sine-save ng Microsoft® Excel® Mobile, Microsoft® OneNote® Mobile, Microsoft® PowerPoint® Mobile, at Microsoft® Word® Mobile ang mga sumusunod na property ng file:

- May-akda
- Huling Na-save Ni

Bukod dito, kung nagse-save ka ng mga komento sa isang file, isinasama ng Office Mobile ang iyong username sa bawat komento. Pagkatapos nito, makikita ng sinumang may access sa iyong telepono ang impormasyong ito.

Awtomatikong pag-sync ng mga dokumento at note sa Office

Sa sandaling nakompigura na ang iyong device gamit ang Windows Live ID, maaaring ma-sync ang mga dokumento at note sa iyong device at account sa OneDrive. Ang mga dokumentong (Word, Excel, at PowerPoint) ginagawa mo sa device ay sini-sync lang sa OneDrive kapag gumawa ka ng tahasang pagkilos na i-save ang dokumento sa OneDrive. Ang mga file sa OneNote ay awtomatikong sini-sync sa OneDrive kapag isinasara mo ang file o lumilipat ka sa ibang function.

SharePoint Mobile

Maaari kang mag-import ng listahan ng mga site sa SharePoint at maaari mong i-save ang iyong mga kredensyal sa domain at network sa iyong device para mag-access ng ilang partikular na site sa SharePoint. Kapag nag-access ka ng isang site ng SharePoint, kung mayroon kang mga pahintulot na gumawa ng isang bagong subsite sa site na iyon, magse-save ng cookies ang site sa iyong computer. Kinukuha nang sama-sama, bumubuo ang cookies na ito ng isang listahan ng mga site kung saan mayroon kang mga pahintulot. Ginagamit ang listahan na ito ng ilang program ng Office para bigyan ka ng mabilis na access sa mga site na nabisita mo na dati. Kung tatanggalin mo ang cookies sa iyong device, kakailanganin mong muling ilagay ang iyong mga kredensyal para magkaroon ng access sa mga site.

Ang listahan ng mga site ng SharePoint na binisita mo ay hindi naa-access ng Microsoft at hindi nalalantad sa Internet maliban na lang kung pipiliin mong gawing available sa maraming tao ang listahan. Kapag gumawa ka ng isang bagong website o listahan sa SharePoint, o kapag nagdagdag o nag-imbata ka ng mga tao sa isang kasalukuyang website o listahan, sine-save ng site ang sumusunod para sa bawat tao:

- Buong pangalan
- Email address

Nagdaragdag ng ID ng gumagamit sa bawat elemento na idinaragdag o binabago mo o ng iba pang gumagamit ng site sa site. Pagdating naman sa lahat ng nilalaman ng site ng SharePoint, mga administrator at miyembro ng mismong site lang ang may access sa impormasyong ito.

Ang lahat ng elemento ng site ng SharePoint ay may dalawang field:

- Ginawa Ni
- Binago Ni

Ang field na Ginawa Ni ay pinupunan ng user name ng tao na orihinal na gumawa sa element at ng petsa noong ginawa ito. Ang field na Binago Ni ay pinupunan ng user name ng taong huling nagbago ng nilalaman at ng petsa noong huli itong binago.

Ang mga administrator ng mga server kung saan naka-host ang mga site sa SharePoint ay may access sa ilang data mula sa mga site na ito, na ginagamit para sa pagsusuri sa mga pattern ng paggamit ng site at pagpapahaba sa porsiyento ng oras na available ang site. Ang data na ito ay available lang sa mga server administrator at hindi ito ibinabahagi sa Microsoft maliban kung hino-host ng Microsoft ang site sa SharePoint. Kasama sa data ang mga pangalan, email address, at pahintulot ng lahat ng mga may access sa site. Ang lahat ng gumagamit na may access sa isang partikular site ng SharePoint ay maaaring maghanap at matingnan ang lahat ng magagamit na nilalaman sa site na iyon.

Ang SharePoint ay nagbibigay ng mga tampok ng pag-audit na nagbibigay-daan sa mga administrator na magpanatili ng maaasahang audit trail ng kung paano ginagamit ng mga gumagamit ang ilang partikular na nilalaman. Kapag pinapagana ng mga SharePoint administrator ang tampok ng pag-audit, awtomatikong ni-record ng server sa database ng nilalaman ng SharePoint ang ilang partikular na pagkilos ng gumagamit. Kasama sa mga pagkilos na ito ang pagtingin, pag-edit, pag-check in, at pag-check out. Para sa bawat na-record na pagkilos, nagre-record ng server ng nakapagpapakilalang impormasyon tungkol sa file, pagkilos, at SharePoint ID ng gumagamit. Walang data na ipinapadala sa Microsoft bilang bahagi ng tampok na ito.

Ang tampok na ito ay naka-off bilang default at available lang ito sa mga administrator ng mga site sa SharePoint kung saan nakaimbak ang nilalaman.

Ang Iyong Mga Opsyon

Para baguhin ang username na nauugnay sa iyong mga file, gaya ng mga katangian at komento ng file:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Office.**
2. Palitan o i-clear ang username.

Para tanggalin o baguhin ang iyong mga naka-save na kredensyal sa Unified Access Gateway (UAG) network:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Office.**
2. I-tap ang **UAG server.**

Para tanggalin ang lahat ng setting at nilalaman ng Office, kasama ang mga naka-save na site ng SharePoint, dokumento ng SharePoint, dokumento ng OneDrive, mga setting at mga kredensyal mula sa iyong device:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Office.**
2. I-tap ang **I-reset ang Office.**

Mga Tao

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Kung mayroon kang Windows Live ID na nauugnay sa iyong device at mayroon ka nang mga contact na naka-save sa iyong Windows Live ID, awtomatikong isi-sync ang mga iyon sa iyong device. Gayundin, ang iyong mga contact na naka-save sa iyong device — halimbawa, iyong mga

na-import mo mula sa isang SIM card o nadagdag sa iyong device nang direkta — ay awtomatikong bina-back up sa iyong online na account sa Windows Live.

Mayroon kang kakayahang mag-link ng mga contact at impormasyon ng contact mula sa maraming pinagkukunan patungo sa iisang card ng contact sa iyong device. Ang mga item na sini-synchronize o nili-link mula sa mga third-party na account, gaya ng Facebook, ay hindi bina-back up sa Windows Live.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang seksyon ng Windows Live ID sa ibaba.

Ang Iyong Mga Opsyon

Kapag nagse-set up ka ng email account o isang social networking account gaya ng Facebook, awtomatikong kukunin ng iyong device ang mga available na mensahe, contact, larawan, at feed, nang sa gayon ay palaging napapanahon ang impormasyon sa iyong device mula sa mga account na ito. Maaari mong baguhin ang mga setting para sa karamihan ng mga uri ng account para i-update ang iyong nilalaman nang hindi na ganoon kadalas, o kapag gusto mo lang.

Para i-update ang mga setting para sa isang email account o ang nilalamang sini-synchronize mo:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Email + mga account**.
2. I-tap ang account na gusto mong baguhin.
3. Sa listahan ng **Mag-download ng bagong nilalaman** piliin kung gaano kadalas mo gustong makatanggap ng na-update na nilalaman. Kung gusto mo lang tumanggap ng napapanahong nilalaman kapag hiniling mo ito, i-tap ang **Manu-mano**.
4. Kung available, sa listahan ng **Nilalamang isi-sync** i-clear ang mga checkbox ng nilalaman na hindi mo gustong i-sync.

Ang nilalaman mula sa mga account sa Facebook ay palaging awtomatikong naa-update. Kung ayaw mong makatanggap ng mga update sa Facebook, dapat mong tanggalin ang iyong Facebook account mula sa iyong device.

Para magtanggal ng Facebook account:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Email + mga account**.
2. I-tap nang matagal ang **Facebook**.
3. I-tap ang **Tanggalin**.

Para magtanggal ng iba pang mga account:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Email + mga account**.
2. I-tap nang matagal ang account na gusto mong tanggalin.
3. I-tap ang **Tanggalin**.

Phone Feedback Program

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Sa pamamagitan ng pakikilahok sa Windows Phone Feedback Program (feedback), maaari mong tulungan ang Microsoft na pagandahin ang Windows Phone at iba pang mga produkto at serbisyo. Maaari kang makilahok sa feedback sa pamamagitan ng pagpili sa **Inirekomenda** kapag sine-set up ang iyong device o, kung pipiliin mo ang mga custom na setting, sa pamamagitan ng pagpapagana sa feedback sa **Mga Setting > Feedback**.

Kapag pinili mong makilahok, kukunin namin ang pangunahing impormasyon tungkol sa kung paano mo ginagamit ang iyong mga device at mga app, pati na rin ang mga error na naranasan mo at iba pang feedback at imahe ng screen na partikular mong isinusumite mo sa Microsoft. Ang mga sumusunod na kategorya ng data ay maaaring pana-panahong kunin at ipadala sa Microsoft sa pamamagitan ng mga magagamit na koneksyon:

- Configuration ng device , gaya ng mga ginagamit na koneksyon sa network, mga resolution ng screen para sa device, ginagamit na memory, tagal ng baterya, mga setting ng domain para sa mga email account na na-set up mo, at kung aling bersyon ng software ng Windows Phone ang gumagana.
- Pagganap at pagiging mapagkakatiwalaan, gaya ng kung gaano kabilis tumutugon ang isang feature kapag nag-tap ka sa isang icon o mag-click sa isang button, kung gaano karaming problema ang nararanasan mo sa isang feature, at kung gaano kabilis nakakapagpadala o nakakatanggap ng impormasyon sa isang koneksyon sa network.
- Paggamit ng application, gaya ng mga tampok na pinakamadalas mong gamitin, kung aling mga tampok ang pini-pin mo sa Start screen, kung paano ka nagna-navigate sa mga menu at sa Marketplace, kung gaano ka kadalas magpalit ng mga setting at mag-update ng mga feed at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at kung gaano mo katagal ginagamit ang ilang partikular na tampok.
- Mga error sa paggana ng software, gaya ng mga problema na gumagambala sa iyo habang ginagamit ang iyong device, at ang mga error na lumalabas habang hindi mo ginagamit ang

iyong telepono. Ang mga ulat ay maaaring maglaman ng personal na impormasyon, pero ginagamit ng Microsoft ang impormasyong ito para mag-diagnose ng mga error, hindi para tukuyin ka o makipag-ugnayan sa iyo. Halimbawa, maaaring kasama sa isang ulat na naglalaman ng snapshot ng memory ng device ang iyong listahan ng contact, bahagi ng isang email o SMS na ginagawa mo, o data na isinumite mo kamakailan sa isang website.

- Feedback at mga imahe ng screen na boluntaryo mong isinumite sa Microsoft.

Ang feedback program ay bumubuo ng natatanging ID na iniimbak sa iyong device at ipipinapadala kasama ang mga ulat ng feedback para kilalanin nang katangi-tangi ang iyong device. Ang natatanging ID ay isang numerong random na binubuo na hindi naglalaman ng anumang personal na impormasyon. Ginagamit ang natatanging ID para alamin kung gaano kalawak ang feedback na natatanggap namin at kung paano ito i-prioritize. Halimbawa, binibigyang-daan ng natatanging ID ang Microsoft na kilalanin ang isang customer na nakakaranas ng problema nang 10 beses at iba pang mga customer na nakakaranas sa parehong problema nang isang beses. Hindi ginagamit ng Microsoft ang impormasyong kinokolekta ng mga ulat ng feedback para kilalanin ka.

Ginagamit namin ang impormasyon ng feedback sa pagpapahusay ng mga produkto at feature na pinakamadalas gamitin ng mga tao at sa paggawa ng mga solusyon sa mga karaniwang isyu. Ang impormasyon sa feedback, partikular ang mga ulat ng error, ay maaaring maglaman ng personal na impormasyon, pero ang impormasyong ito ay ginagamit lang para mag-diagnose ng mga error, hindi para kilalanin ka o makipag-ugnayan sa iyo. Para pahusayin ang mga produkto at serbisyo na gumagana sa software ng Microsoft, maaari kaming magbahagi ng impormasyon mula sa feedback program sa mga manufacturer ng equipment at iba pang pinagkakatiwalaang kasosyo. Pinagbabawalan namin ang mga kasosyong ito na gamitin ang anumang naturang data para kilalanin ka o makipag-ugnayan sa iyo.

Ang Iyong Mga Opsyon

Para baguhin ang setting ng Feedback sa telepono anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Feedback**.
2. I-toggle ang **Magpadala ng Feedback** sa **Naka-offo Naka-on**.

Ang iyong device ay nagpapadala lang ng feedback kapag nakakonekta sa iyong computer o mga available na Wi-Fi network maliban kung pipiliin mong magpadala ng feedback sa pamamagitan ng iyong koneksyon ng cellular na data. Para gawin ito:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Feedback**.
2. Lagyan ng check ang **Gamitin ang aking koneksyon ng cellular na data para magpadala ng feedback** na check box.

Update sa Telepono

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Paminsan-minsang naglalabas ang Microsoft ng mga kapaki-pakinabang o kritikal na pagpapaganda sa anyo ng mga update para sa iyong device. Para tiyaking alam mo ang tungkol sa mga update kapag naging available ang mga iyon, regular na magsasagawa ng pag-scan ang iyong device para sa mga available na update. Kapag may mga bagong update na available, ipo-prompt ka na ikonekta ang iyong device sa Zune software sa iyong computer para i-download at i-install ang ganoong mga update. Palagi kang magkakaroon ng pagkakataong i-update ang iyong device, pero inirerekomenda naming i-install ang mga available na update sa lalong madaling panahon.

Sa tuwing maghahanap ang tampok ng update ng device ng mga magagamit na update, at sa tuwing pinipili mong mag-install ng mga update, magpapadala ng karaniwang impormasyon ng device sa Microsoft. Gagamitin ang impormasyong ito sa pagtukoy sa mga update na nalalapat at naaangkop para sa iyong device, at para paganahin, suriin, at panatilihin ang serbisyo ng Update sa Telepono. Ang pangunahing impormasyon ng device ay ginagamit din para bumuo ng sama-samang istatistika na tumutulong sa aming sumuri ng mga tagumpay, pagpalya, at error na nararanasan mo sa mga serbisyo ng Update sa Telepono.

Ang Iyong Mga Opsyon

Kung ayaw mong abisuhan ka ng iyong device kapag nakakita ng mga bagong update:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Update sa telepono**.
2. I-clear ang **Abisuhan ako kapag nakakita ng mga bagong update** na check box.

Patuloy na titingnan ng iyong device kung may mga update, na maaari mong i-install kapag ikinokonekta mo ang device sa iyong computer.

Kung ayaw mong tingnan ng iyong device kung may mga update gamit ang iyong cellular network plan:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Update sa telepono**.
2. I-clear ang **Gamitin ang aking koneksyon ng cellular na data para tingnan kung may mga update** na check box. (Patuloy na regular na titingnan ng iyong device kung may mga update kapag nakakonekta sa mga Wi-Fi na koneksyon.)

Mga Larawan at Camera

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Ang Camera ng iyong device ay nagbibigay-daan sa iyong i-tag ang iyong mga larawan gamit ang iyong lokasyon. Kung papayagan mo ang camera na i-access ang iyong lokasyon kapag kumukuha ka ng litrato, iimbak ang iyong lokasyon bilang metadata ng kinunang litrato sa Exchangeable Image File Format (EXIF) tag.

Kung papayagan mo ang Camera na iimbak ang lokasyon sa mga litratong kinukunan mo, pakitandaan na sa pamamagitan ng pagpiling magbahagi ng mga larawan sa mga social network, online na serbisyo, at application, ang impormasyon ng lokasyon na nakaimbak sa mga larawan ay maaari mong malantad sa online na serbisyo, application, o iba pa. Kapag nag-a-upload ng mga larawan gamit ang **Ibahagi sa Facebook** o **Awtomatikong i-upload sa SkyDrive** na mga function, maaari kang gumamit ng setting para tanggalin ang impormasyon ng lokasyon mula sa metadata ng mga larawang ibinabahagi mo. Ang pagbabago sa setting na ito ay HINDI magtatanggal ng data ng lokasyon kapag nagbabahagi ka ng mga larawan sa pamamagitan ng iba pang mga application o website na ina-access mo gamit ang device. Inirerekomenda naming suriin mo ang mga patakaran sa pagkapribado, mga kasanayan, at mga setting ng mga online na serbisyo at application bago ibahagi ang iyong mga larawan sa kanila.

Maaari mong awtomatikong i-upload ang mga kinunang litrato sa isang OneDrive folder na nauugnay sa iyong Windows Live online account. Ang mga larawan at video ay isi-synchronize sa iyong computer gamit ang Zune software sa iyong personal computer, kung nag-set up ka ng sync relationship.

Ang Iyong Mga Opsyon

Habang ginagamit, maaari kang tanungin kung papayagan ang Camera na magsama ng impormasyon ng lokasyon sa mga litrato at video na kinukunan mo. Maaari mong baguhin ang setting na ito anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Litrato + camera**.
2. I-toggle ang switch ng **Magsama ng impormasyon ng lokasyon sa mga litratong kinukunan mo** sa **Naka-ono** o **Naka-off**.

Para panatilihin ang metadata ng lokasyon sa mga larawang ina-upload mo mula sa iyong device patungo sa Facebook o OneDrive gamit ang mga function sa iyong device:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Litrato + camera**.
2. I-toggle ang switch ng **Panatilihin ang impormasyon ng lokasyon sa mga ina-upload**

na larawan sa Naka-on.

Para awtomatikong mag-upload ng mga larawan sa iyong OneDrive folder:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Litrato + camera**.
2. I-toggle ang switch ng **Awtomatikong i-upload sa SkyDrive sa Naka-on**.

Para hindi na awtomatikong mag-sync ng mga larawan at video sa pagitan ng iyong device at ng Zune software sa iyong personal computer, maaari mong ilunsad ang Zune software sa iyong computer at baguhin ang mga setting sa ilalim ng **Telepono > Mga Opsyon sa Pag-sync**.

Paghahanap

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Kung papayagan mo ang Paghahanap na i-access ang iyong lokasyon, ang tinatantiyang lokasyon ng iyong device kasama ng query ng paghahanap ay ipapadala para mabigay at mapaganda ang mga resulta ng lokal na paghahanap at mapping.

Para matulungan ka sa mas mabilis na paghahanap ng nilalaman na gusto mo, awtomatikong nagmumungkahi ang Hanapin ng mga termino sa paghahanap habang nagta-type ka. Ang mga auto-suggestion ay maaaring manggaling sa iyong kasaysayan ng paghahanap na nakaimbak sa iyong device, o mula sa serbisyo ng Bing. Para makakuha ng mga suhestiyon mula sa serbisyo ng Bing, ipinapadala sa serbisyo ng Bing ang iyong termino para sa paghahanap habang tina-type o sinasabi mo ito. Para alamin pa ang tungkol sa mga kasanayan sa pangongolekta ng impormasyon ng Bing, pakisuri ang Online na Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft at Supplement ng Pagiging Pribado sa Bing na available sa go.microsoft.com/fwlink/?LinkId=81184.

Maaari mong i-clear ang iyong kasaysayan ng paghahanap — kasama ang mga tina-type na termino para sa paghahanap, mga paghahanap ng musika, at vision na paghahanap — sa iyong device anumang oras.

Mga Paghahanap ng Musika

Kapag ginamit mo ang functionality na Paghahanap ng Musika, magpapadala sa Microsoft ng audio na "fingerprint" ng audio na nakuha sa pamamagitan ng mikropono para bigyan ka ng mga resulta ng paghahanap. Ang iyong device ay mag-iimbak ng kasaysayan ng mga paghahanap ng musika na isinagawa mo. Ang file ng kasaysayan na ito ay ipapadala sa Microsoft.

Mga Visual na Paghahanap

Kapag ginamit mo ang functionality na Visual na Paghahanap, isa-scan ng camera ng device ang anumang bagay na nahahagip ng lente nito sa loob ng sandaling panahon at magpapadala ng isang serye ng mga frame sa Microsoft para payagan ang Bing na bigyan ka ng mga resulta ng paghahanap. Dapat mong malaman na maaari itong magresulta sa hindi sinasadyang pagpapadala ng mga nakunang video frame sa Microsoft at dapat ay alam mo kung saan nakatutok ang camera kapag ginagamit ang Paghahanap ng Video.

Kapag ginagamit mo ang Visual na Paghahanap para mag-scan ng Microsoft Tag (isang two-dimensional na barcode), isa-scan ng camera ng device ang Microsoft Tag upang magbalik sa iyo ng tumutugmang impormasyon. Maaari ding ipadala ng Microsoft ang pangunahing impormasyon ng iyong device (at ang data ng lokasyon kung pinili mo ang setting na iyon) sa gumawa ng Tag upang magbigay ng mas naka-personalize na mga resulta batay sa iyong device at sa iba pang Tag na nacan sa parehong gumawa ng Tag. Halimbawa, kung isa-scan mo ang isang Tag sa isang poster ng pelikula, ang impormasyong nakuha ng Microsoft ay maaaring ibigay sa publisher ng poster, at maaaring gamitin niya ito para bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga malapit na oras ng pagpapalabas para sa pelikula. Ang paggamit ng mga gumagawa ng Tag sa impormasyong ito ay napapasailalim sa kanilang mga kasanayan sa pagiging pribado, at hindi sa pahayag ng pagiging pribado na ito.

Gaya ng ordinaryong paghahanap sa Bing, nagpapadala sa Microsoft ng pangunahing impormasyon ng device kasama ng Visual na Paghahanap upang matukoy kung aling mga resulta ng paghahanap ang dapat na ibigay at para magbigay ng mga resulta sa naaangkop na layout at format. Kung papayagan mo ang Paghahanap na i-access ang iyong lokasyon, ang tinatantiyang lokasyon ng iyong device, kasama ng query ng paghahanap, ay ipapadala para mabigay at mapaganda ang mga resulta ng lokal na paghahanap at mapping. Gayundin, kung papayagan mo ang Visual na Paghahanap na i-access ang iyong lokasyon kaugnay ng mga Microsoft Tag, ang tinatayang lokasyon ng iyong device ay ipapadala sa Microsoft at sa Tag creator. Para alamin pa ang tungkol sa mga kasanayan sa pangongolekta ng impormasyon ng Microsoft Tag Reader, pakisuri ang Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft Tag Reader sa www.microsoft.com/tag/Privacy/M/TagReaderPrivacy.htm

Ang Iyong Mga Opsyon

Para paganahin o hindi paganahin ang access ng tampok na Paghahanap sa lokasyon ng iyong device, na **Naka-off** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Paghahanap**.
2. I-toggle ang switch ng **aking lokasyon** sa **Naka-ono** **Naka-off**.

Para paganahin o hindi paganahin ang mga awtomatikong mungkahi ng feature na Hanapin mula sa serbisyo ng Bing, na **Naka-on** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Paghahanap**.
2. I-clear ang **Tumanggap ng mga mungkahi mula sa Bing habang nagta-type ako** na check box.

Para paganahin o hindi paganahin ang opsyon ng feature na Hanapin na magpadala ng impormasyon ng lokasyon kaugnay ng mga scan ng Mga Microsoft Tag, na **Naka-off** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Paghahanap**.
2. I-clear ang **Magpadala ng impormasyon ng lokasyon para sa Mga Microsoft Tag** na check box.

Para paganahin o hindi paganahin ang opsyon ng feature na Hanapin na mag-imbak at gumamit ng mga imahe na ipinadala mo sa Visual na Paghahanap para pahusayin ang mga resulta ng paghahanap sa Bing sa hinaharap, na **Naka-on** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Paghahanap**.
2. I-clear ang **Payagan ang Microsoft na mag-imbak at gumamit ng mga larawan mula sa mga visual na paghahanap** na check box.

Para i-clear ang mga na-type nang termino ng paghahanap, mga paghahanap ng musika, at mga vision na paghahanap sa iyong device:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Paghahanap**.
2. I-tap ang **Tanggalin ang kasaysayan**.

Pagsasalita

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Kapag ginagamit mo ang pagkilala ng pagsasalita sa iyong device, ang iyong mga voice command at data ng performance na nauugnay sa functionality ng pagsasalita ay awtomatikong ipapadala sa Microsoft para iproseso at tumugon sa kahilingan. Kapag nagpapadala sa Microsoft ng mga voice command, bumubuo ang Microsoft ng isang natatanging ID na iniimbak sa iyong device at ipinapadala kasama ng mga kahilingan para kilalanin ang mga kahilingan na pagsasalita, na nakakatulong sa pagpapaganda sa serbisyo ng pagsasalita. Ang natatanging ID ay isang numerong random na binubuo na hindi naglalaman ng anumang personal na impormasyon.

Kung hindi mo papaganahin ang pagkilala sa pananalita gamit ang network, hindi mo magagawang

maghanap online o magpadala ng mensahe sa pamamagitan ng boses, pero magagawa mo pa ring gamitin ang iba pang voice command na sinusupportahan sa device, gaya ng "Tumawag kay Nanay" o "Simulan ang Internet Explorer."

Ang Iyong Mga Opsyon

Para hadlangan ang pagpapadala sa Microsoft ng mga voice command:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Pagsasalita**.
2. I-clear ang **Paganahin ang pagkilala ng pagsasalita gamit ang network** na check box.

Windows Live ID

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Para maka-access ng ilang partikular na serbisyo at tampok sa iyong device, gaya ng pagbili ng mga application, musika, o mga laro mula sa Marketplace, pagkonekta sa Xbox LIVE, o paggamit sa iyong Zune Music Pass, hihilingin sa iyong magpasok ng email address at password, na ituturing namin bilang iyong Windows Live ID. Kung mayroon ka nang Windows Live ID, maaari mong gamitin ang ID na iyon o maaari kang gumawa ng bago gamit ang device. Para gawing mas madaling ma-access ang mga serbisyong ito sa iyong device, awtomatikong sine-save ang iyong Windows Live ID sa iyong device. Sa ganoong paraan, hindi mo kakailanganing mag-sign sa bawat pagkakataong ginagamit mo ang mga naka-preinstall na tampok sa iyong device gaya ng Marketplace at Xbox LIVE na nangangailangan ng Windows Live ID.

Matapos mong gawin ang iyong Windows Live ID, maaari mong gamitin ang parehong mga kredensyal para mag-sign in sa maraming iba't ibang site at serbisyo ng Microsoft, pati ang mga piling partners ng Microsoft na nagpapakita sa logo ng Windows Live ID. Sa pamamagitan ng pag-sign in sa isang site o serbisyo ng Microsoft, maaaring awtomatiko kang ma-sign in kapag bumisita ka sa iba pang site at serbisyo ng Microsoft. Para matuto pa tungkol sa mga kasanayan sa pagkuha ng impormasyon ng Windows Live ID at kung paano ginagamit ang impormasyon ng iyong kredensyal kapag nagsa-sign in ka sa mga kalahok na site, pakibasa ang Online na Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft sa privacy.microsoft.com/.

Kapag gumagawa ka ng Windows Live ID, gagawa ng nauugnay na online account sa www.windowsphone.com/my, na awtomatikong nagba-back up ng mga contact na sine-save sa iyong device (ang mga na-import mo mula sa isang SIM card o idinagdag sa iyong device nang direkta) at mga item sa kalendaryo na na-save mo sa iyong device. Ang mga contact at item ng kalendaryo mula sa mga third-party na serbisyo, gaya ng Facebook, ay hindi bina-back up sa iyong online na account sa Windows Live. Para i-personalize ang iyong karanasan sa

windowsphone.com/my portal, kinokolekta ang palayaw ng iyong device, tema ng kulay at mga accent, time zone, at lokalidad.

Ang Iyong Mga Opsyon

Hindi mo kailangang gumawa o maglagay ng Windows Live ID para magamit ang iyong device. Gayunpaman, kung hindi ka mag-uugnay ng Windows Live ID sa iyong device, hindi gagana ang ilang partikular na tampok gaya ng Marketplace, Xbox LIVE, at mga tampok ng online account, gaya ng "Hanapin Ang Telepono Ko." Kung hindi ka gagawa o magpapasok ng Windows Live ID, i-tap ang **Huwag ngayon** kapag na-prompt na gumawa o nagpasok ng Windows Live ID habang sine-set up ang iyong device.

Maaari mong tanggalin ang iyong mga kredensyal sa pag-sign in sa Windows Live ID sa iyong device. Gayunpaman, tandaan na tatanggalin nito ang lahat ng data sa iyong device – kasama ang lahat ng app na na-download mo, musika, mga larawan, at video – at ire-reset nito ang device sa mga factory setting.

Para tanggalin ang iyong mga kredensyal sa pag-sign in sa Windows Live ID sa iyong device:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Tungkol dito.**
2. I-tap ang **i-reset ang iyong telepono.**

Xbox LIVE/Mga Laro

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Para gumawa ng bagong account sa Xbox LIVE, maaaring kailanganin mong ibigay ang iyong edad at bansa/rehiyon. Para sa mga bagong account, awtomatiko kaming gagawa ng palayaw (na tinatawag naming gamertag o Zune tag) na ginagamit para kilalanin ka sa serbisyo ng Xbox LIVE, serbisyo ng Zune, at sa Marketplace kapag nagsusumite ng mga review ng mga application. (Tandaan: Simula sa Agosto 2012, hindi na gagamitin ang iyong gamertag para sa mga review at ipapakita ng mga bagong review ang iyong pangalan mula sa iyong account sa Microsoft.) Maaari mong palitan ang palayaw na awtomatikong binuo sa pamamagitan ng pag-tap sa iyong gamertag sa Games Hub.

Kung papayagan mo ang isang laro ng Microsoft na i-access ang iyong lokasyon, maaaring regular na ipadala ang tinatayang lokasyon ng iyong device sa Microsoft upang maggawad ng mga achievement, magbigay ng mga in-game na reward, o ipasadya ang isang gameplay. Ang mga laro ng Microsoft ay kukuha at mag-iimbak lang ng tinatayang lokasyon ng iyong device ayon sa

kinakailangan para sa mga layuning ito. Halimbawa, maaaring gamitin ng mga laro ang iyong lokasyon para maggawad ng isang achievement batay sa distansyang nilakbay sa pagitan ng mga session ng laro.

Kasama sa mga setting ng iyong device ang opsyong kumonekta sa Xbox LIVE. Kapag ang setting na ito ay **Naka-on**, ang aktibidad ng paglalaro at data ng achievement ay ipinapadala sa Xbox. Kung ilalagay mo ang setting na ito sa **Naka-off**, ang aktibidad ng paglalaro at achievement ay iniimbak pa rin sa iyong device. Ang data na ito ay ipapadala sa Xbox kapag ibinalik ulit ang setting sa **Naka-on** at kapag kinokonekta mo ang iyong device sa isang serbisyo ng data.

Para alamin pa ang tungkol sa mga kasanayan sa pangongolekta ng impormasyon ng Xbox LIVE, pakisuri ang Online na Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft at Supplement ng Pagiging Pribado sa Xbox LIVE na available sa go.microsoft.com/fwlink/?LinkId=81184.

Ang Iyong Mga Opsyon

Kung ayaw mong kumonekta sa serbisyo ng Xbox LIVE sa iyong device, na nagbibigay-daan sa pag-upload ng iyong gamertag, mga achievement at mga score sa mga leaderboards, ng pagtanggap ng mga imbitasyon sa laro sa iyong device, at ng mga update sa iyong profile at kasaysayan ng paglalaro:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Laro**.
2. I-toggle ang switch ng **Kumonekta gamit ang Xbox LIVE** sa **Naka-off**. (Kapag na-toggle mo ang switch pabalik sa **Naka-on**, ang data ng paglalaro na nakaimbak sa device ay i-a-upload sa Microsoft.)

Para baguhin ang iyong mga setting ng pagiging pribado ng Xbox LIVE, na nagkokontrol sa mga bagay gaya ng kung paano magagawang makipag-ugnayan ng mga tao sa iyo, kung paano maibabahagi ang impormasyon sa profile na idaragdag mo, at kung paano ibinabahagi ang mga aktibidad sa Xbox LIVE, pumunta sa Xbox.com at mag-sign in sa iyong account.

Para hindi paganahin ang access ng isang laro ng Microsoft sa lokasyon ng iyong telepono, pumunta sa menu ng Tulong/Mga Opsyon ng laro at i-off ang access sa location.

Zune Music at Video

Impormasyong Kinokolekta o Iniimbak at Paano Ito Ginagamit:

Para gumawa ng bagong account sa Zune/Marketplace, maaaring kailanganin mong ibigay ang iyong edad at bansa/rehiyon. Para sa mga bagong account, awtomatiko kaming bubuo ng palayaw (na tinatawag naming isang gamertag o Zune tag) na ginagamit para kilalanin ka sa serbisyo ng

Xbox LIVE, serbisyo ng Zune, at sa Marketplace kapag nagsusumite ng mga review ng mga application. (Tandaan: Simula sa Agosto 2012, ang iyong gamertag ay hindi na gagamitin para sa mga review at ang mga bagong review ay magpapakita sa iyong pangalan mula sa iyong account sa Microsoft.) Maaari mong palitan ang palayaw na awtomatikong binuo sa pamamagitan ng pag-tap sa iyong gamertag sa Games Hub.

Kung pipiliin mong i-personalize ang iyong karanasan sa Zune, mangongolekta ang Zune ng impormasyon tungkol sa mga kantang pine-play mo sa Zune at mga rating na binibigay mo sa mga kanta. Ginagamit ang impormasyong ito para bigyan ka ng mga nilalaman at tampok na mas angkop sa musikang gusto mo at para bigyang-daan kang ibahagi ang mga kamakailan mong na-play sa iba sa pamamagitan ng Zune Social na available sa pamamagitan ng Zune.net at sa pamamagitan ng Zune software sa iyong computer. Ginagamit din ito sa anyong sama-sama para sa paggawa ng top charts.

Para palawakin ang iyong karanasan kapag nagpapatugtog o nagba-browse ng nilalaman, maaaring magpakita ang Zune ng nauugnay na impormasyon tungkol sa nilalamang pinapatugtog mo at sa nilalaman sa iyong Zune library, gaya ng pamagat ng album, cover art, pamagat ng kanta o video, mga larawan ng artist, mga talambuhay ng artist at iba pang impormasyon, kapag mayroon. Para i-download ang impormasyong ito, nagpapadala ang Zune ng kahilingan sa impormasyon sa Microsoft na naglalaman ng pamantayang impormasyon ng device at ng identifier para sa nilalaman.

Kung ikokonekta mo ang iyong device sa Zune software sa iyong computer, nagpapadala ng pangunahing impormasyon ng device para kilalanin ang iyong device sa iba pang mga device na nauugnay sa Zune software at para mag-customize ng nilalama, gaya ng mga link sa suporta at tulong help batay sa nakakonektang device.

Para alamin pa ang tungkol sa mga kasanayan sa pangongolekta ng impormasyon ng Zune, pakisuri ang Online na Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft at Supplement ng Pagiging Pribado sa Zune na available sa go.microsoft.com/fwlink/?LinkId=81184.

Ang Iyong Mga Opsyon

Para baguhin ang setting para sa pagpapadala ng impormasyon tungkol sa mga kantang pine-play mo at mga rating na binibigay mo:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Musika + Video**.
2. I-tap ang **Mga Setting ng Account** para i-update ang iyong mga setting ng pagiging pribado.

Kung ayaw mong kumonekta sa serbisyo ng Zune para awtomatikong mag-download ng impormasyong nauugnay sa nilalamang pine-play mo, gaya ng mga larawan ng artist,

mga bio at iba pang impormasyon:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Musika + Video.**
2. I-toggle ang switch ng **Kumonekta gamit ang Zune** sa **Naka-off.**